# *Ang Pagka-Diyos Ni Jesus Cristo*

Kapatid na Graham, salamat. Magandang umaga, sa bawat isa, at isang maligayang Pasko sa inyong lahat. Lubos ang aming kasiyahan na makabalik uli ngayong umaga, dito sa Tabernakulo, para makasama ang kalugud-lugod na munting grupo rito.

2 Si Kapatid na Graham at ako ay may pinag-uusapan lang doon, tungkol dun. Sabi niya, "Kapatid na Bill, mayroon ka bang bagay riyan sa puso mo ngayong umaga?"

3 Sabi ko, "Si Cristo lamang." Amen. Ganoon nga. Nasa atin 'yun sa tuwina. At 'yun ang pagkakapareho natin, na kamit natin Siya sa atin.

4 Atrasado ako dumating kahapon, mula Dallas, kung saan nagkaroon kami ng . . . isa sa pinaka maluwalhating pagtitipon. At ang bagay na ipinapanalangin na namin nang matagal, ay malapit nang mangyari ngayon. Nasa pagdadaos na ngayon, ito ngang, para sa rebaybal sa buong bansa. Lahat mismo ng mga ministro, kahapon, ang . . . o nitong huling mga araw, na mga kilala at de kalibreng mga ministro, o, mga gawain, kami po'y nagtipon-tipon sa—sa Dallas para sa kombensyon na ito. At may nasa labing-lima o labing-walong mga ministro roon na—na may pagmi-ministeryo na nangangasiwa sa mga halos nasa pagitan ng tatlo hanggang labing-limang libo ang bilang, marahil dalawampung libong miyembro pa nga. Si Reymond T. Richey po, halimbawa, at si Bosworth, at—at si Oral Roberts, at si Jackson, at lahat ng mga kalalakihan dun.

5 Si Kapatid na Jackson, nung isang gabi lang, sa kanyang pagtitipon, may limang daan ang tumanggap sa Espiritu Santo nang minsanan, kaya kamangha-mangha po talaga.

6 At lahat kami'y nagtipon na sama-sama kahapon, nung isang araw, tungkol sa mga mapagkakasunduang mga gawain para sa taon, na kami'y naniniwala na ang Diyos ay narito para maglunsad ng gawain at isang pagkilos, na di pa nakikita ng mundo noon. Naniniwala ako, mga kaibigan, na tayo'y—tayo'y sadya ngang pumapasok na sa isang bagay na kahanga-hanga. At ang mga ministro na ito na marahil magdadaos gabi-gabi sa parating na tag-init, kung ipahintulot ng Panginoon, bawat gabi ay mga nasa . . . marahil labing-lima o labing-anim, siguro higit pa, na malalaking mga tolda, na maglalaman ng aabot sa walo hanggang sampung libong tao, sa buong Estados Unidos, nang sabay-sabay.

7 Oh, kailangang-kailangan talaga natin ng rebaybal ngayon. Nangyayari na, daan-daan ang tumatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, na pumapasok sa Kaharian ng Diyos ngayon. Hindi nga ito isang bagay na hihintayin pa lang natin, na matatagalan pa, haya't ito—ito—ito'y narito na mismo. Ginagawa na mismo ng Diyos ngayon.

8 [Tinatanong ni Kapatid na Graham Snelling si Kapatid na Branham tungkol sa mikropono—Pat.] Opo, ginoo, aking. . . Oo, Kapatid na Graham. Yan 'yung bagay na lagi kong. . . Mainam. Buweno, alam n'yo, talagang tugmang-tugma kami ni Kapatid na Graham at ako; matangkad siya at maliit naman ako. Kaya ako. . . [Sinasabi ni Kapatid na Snelling, "Siya ang pumipitas sa mabababang bunga, at ako naman sa lahat ng matataas na bunga."] Kung minsan nga ay hihilingin ko sa kanya na magyugyog nang ilan para mahulog 'yun. . . [Blangkong bahagi sa teyp.] Salamat, Kapatid na Graham. Di ko pa naiisip 'yun, 'yung alab. Gusto natin 'yun dito sa may altar, hindi po ba? Amen. Haya't, kayo. . .

9 Nung isang gabi nandun kami't nakaupo, libo-libo ang naroon, at lahat sila'y pumapalakpak at nagpupuri sa Diyos, talagang nagtatamasa kami ng maluwalhating panahon, may Alab kami sa may altar mismo.

10 At ikinagagalak naming ianunsyo na ang parating na tag-init ay para sa rebaybal. Ngayon ako'y nasa. . .

11 Ako'y nasa iglesya rito, kasama si Kapatid na Graham at lahat kayo, sa susunod na walo o sampung araw, sa palagay ko, sa abot ng nalalaman ko, at nais kong makadalo sa bawat gawain sa abot ng makakaya ko. Tapos ako'y. . .

12 Aalis kami pagkatapos, pupunta ng Houston, Texas, sa koliseo. May nakuha kaming mainam na malaking gusali dun na labimpitong libong katao ang puwedeng makaupo, at kami'y umaasa sa isang maluwalhating panahon.

13 Sinubukan namin na. . . lahat kami'y nagtawag ng pila para sa pananalangin sa dako roon, pero di namin magawa; isang ministro sa bahaging ito, at 'yung isa sa kabila, nung pila para sa pananalangin. Pero, naku, di pala uubra nang ganun, at si Kapatid na Jaggers lang ang nanguna.

14 At, heto pa po, isa pang bagay na gusto kong ianunsyo. Si Kapatid na Jaggers ang tumayo roon at siya ang nanguna gaya ng ginawa namin sa Calgary. Siya. . . Ang mga Missionary Baptist at Free Will Baptist, at lahat (alam n'yo, puno ng mga Baptist ang Texas), tumayo sila para suportahan siya, pero ang mga fundamental Baptist nga'y di sang-ayon dun sa—sa programa. At, oh, talagang isinulat nila 'yun sa pahayagan at lahat. Buweno, siya, sinulatan nila siya ng mga katanungan sa Biblia, kaya sumagot naman siya. At mayroon silang. . . at may katibayan daw silang sarili, tapos may ilang tindig sa pulitika,

anupa't, di nila mailathala sa diyaryo. Kaya si Kapatid na Jaggers, nagpatawag kami ng pagpupulong dun, at pitumpu't limang katulungang mga ministro ng siyudad ang nagpunta roon at nagpulong, gumawa kami ng photostatic na kopya nun, at nagsabi, "Kalayaan ba ito sa pananalita? Kalayaan ba ito ng pamamahayag?" Parang ganun, at inilabas namin 'yun. At kaya nabawasan ng sampung libong sumusubaybay ang pahayagan nung sumunod na umaga.

15 At dumating nga sila, na umiiyak, halos lumuhod pa, sabi, "Ilalathala na namin sa diyaryo, nang libre, hindi n'yo kailangang magbayad ni isang sentimo."

16 Oh, kapatid, pakinggan n'yo, kayo iglesya. Dati nakatira lang tayo sa tabi ng riles ng tren; hindi na ngayon. Nakatira na tayo sa Hallelujah Avenue ngayon. Siyanga, po. Umaabot na tayo ngayon sa milyun-milyon. Dati, nasa kulang-kulang sandaan lang tayo, pero umaabot na tayo sa milyon, milyon na ngayon. At sa paglalakip-lakip natin na sama-sama, tayo ang pinaka makapangyarihang iglesya, sa bilang, dito sa Estados Unidos; ganoon nga po, oh, sa palagay ko pa nga'y, sa buong mundo. Nung isang taon, lang, nasa isang milyon at limang daang libong mga naakay tayo. Isipin n'yo 'yun, isang milyon at limang daang libo na mga naakay, sa mga taga-full Gospel, hayan nga, ayon sa opisyal na bilang nung nakaraang taon. Oh, pausad pa tayo nang pausad.

17 At itong mumunting mga pahayagan at mga bagay na lagi na lang. . .hindi nga sila nagsasabi ng anuman tungkol sa mga Katoliko, takot sila sa kanila. Kita n'yo, takot sila na gawin 'yun. Pero umaabot na tayo sa bilang na 'yun ngayon. May kamit tayong mga karapatan. Angkinin natin ang ating karapatan na ang Diyos ang may bigay. Siyanga. Kaya uusad tayo sa taon na darating, na ang Diyos ang ating saklolo at ating kalasag, para maglunsad ng. . .sisikapin natin ang pinaka mainam nating makakaya para sa rebaybal. Ngayon ako. . .

18 [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, dito po? Sabihin n'yo lang po sa akin kung kailan hihinto. Doon po, doon po ba. Sige. Puwede naman akong lumakad papunta *rito* at haharap dun.

19 At kaya, mainam, ilan ang maganda ang pakiramdam para sa Pasko? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, magaling, magaling! Tingnan n'yo! Panahon ito ng pagbubunyi, panahon kung kailan tayong lahat ay nakakapagsama-sama at sumasamba kay Cristo.

20 At di po ako—di po ako, di po ako naghanda ng mensahe, wala po. Binuklat ko lang ang Biblia rito nung nagsasalita siya riyan. Bumuklat ako rito, sabi ko, "Saan ang kapanganakan ni Cristo?" Halos lahat ay 'yun ang ipinapangusap ngayon. At kaya babasa ako nang kaunti maya-maya at hahango dun ng

isang bagay, at iikot-ikot lang dun hanggang sa magbigay ng inspirasyon ang Espiritu ng Panginoon.

21 Ngayon, bilang panimula, simulan natin sa Lucas, sa unang kabanata ng Lucas. Sinimulan po ito sa—sa kapanganakan ni Cristo. At magbabasa tayo ng ilang bahagi rito, o magtuturo ng kaunti tungkol sa Salita kung magagawa natin. At di natin alam kung anong ibubunsod ng Panginoon para sa atin, pero tayo'y nagtitiwala lamang na pagkakalooban Niya tayo ng dakilang pagpapala.

22 Gusto ko ring sabihin, napakinggan ko ang inyong pagsasahimpapawid. Mainam po. Ipagpatuloy n'yo lang, umusad lang kayo, ipangaral ang Salita.

23 Kasasabi ko lang kay Kapatid na Graham, diyan, "Kung may panahon na ang mga Cristiano'y kailangan na kailangan nila ang isa't isa, ito na 'yun ngayon, ngayon na." Anuman 'yan na ginagawa n'yo, isantabi n'yo ang lahat; dahil naniniwala ako, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos . . . Mangungusap nga ako tungkol diyan, maya-maya, pansumandali, tungkol sa kung papaanong kailangan na kailangan natin—natin ang isa't isa ngayon.

24 Ang malaking . . . Naniniwala ako na kumakaharap na tayo sa . . . Naririnig n'yo po ba ako? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige. Humaharap tayo, ngayon, nakasubaybay sa isang dakilang pangyayari na itinakda sa buong kasaysayan ng tao, na haya't kumikilos na mismo rito sa harap natin, hayan ang malaking dako ng pagmimisyon ng mundo rito, at may pangyayari na ikikilos ng Diyos, ngayon mismo, na, talaga pong nakakagulat, na tumingin sa paligid sa buong mundo at makita kung papaanong ang bagay ay kumikilos na may paglalakip. Oh, isa itong bagay na napipintong mangyari, kaibigan. Ito 'yung ipinapangusap natin at sinasabi natin, haya't narito na ito ngayon. Nagsisimula na, sa lahat ng dako, bumubunsod na.

25 May dakilang larawan na gusto kong ilarawan sa inyo sa umagang ito. Nakikinita ko ang isang tupa sa kaparangan, na kumakain. Ang munting nilalang na ito ay kinabahan at siya'y para bang . . . nagtataka siya. Tumingin siya sa mga tambo sa likuran niya, nakikinita ko ang isang leon na unti-unting pumupuslit, dahan-dahan. Kita n'yo? Kinakapa nung buntot nito 'yung lupa, inihahanda ang mga paa niya para manakmal.

26 Ang iglesya 'yan na naroon sa parang. Ang kadiliman ng komunismo ay lumalaganap sa buong mundo, bumabalot na parang isang malaking anino.

27 At 'yan po ang batas ng pagkakaiba. Halimbawa na lang 'yung oras bago mag-umaga, laging doon ang pinaka madilim bago mag-umaga dahil doon bumubukang liwayway, itinutulak ang kadiliman palayo. At 'yun nga ang batas ng pagkakaiba, kita n'yo, na pinaka madilim bago magbukang liwayway.

28 At nariyan tayo sa siya ring kalagayan na 'yun ngayon. Sadya ngang pinakamadilim bago mag-umaga. Ang malaking balot ng kadiliman ay pumapasok na mismo, para isakatuparan ang lalaki ng kasalanan. Napansin n'yo ba, ngayong panahon ng Kapaskuhan, lahat ng mga komunistang bansa, sa halip na Cristo sa sabsaban ang ipinapalaganap, ang ipinapalaganap ay munting mga libro ni Stalin, na litrato ni Stalin ang nakalagay sa pabalat; ang lalaking ito na kumakalaban mismo, na ang sarili'y itinataas sa lahat na tinatawag na Diyos, at kung ano pa, na nakukuha ang malaking bahagi ng mundo sa kanyang mahigpit na paghawak. At isa pang bagay, ay, sa lahat ng ito, ito'y upang matupad ang Kasulatan.

29 At tapos, heto rin, gusto kong pansinin n'yo ang isang bagay, na isang katuparan. Ang mga taong ito na pormal sa kanilang mga pormal na kaiglesyahan, ay naninindigan laban sa Pagkilos na ito. At sinabi ng Biblia, "Magtataglay sila ng anyo ng kabanalan, subalit tatanggihan ang Kapangyarihan niyaon; layuan n'yo ang mga ganito." At sila'y naninindigan mismo.

30 Naninindigan mismo ang komunismo.

31 Purihin ang Diyos, ang Espiritu Santo'y naninindigan din mismo sa tindig Nito. Oo. "Kapag ang kaaway ay dumarating na gaya ng isang daluyong, mangyari na magtataas Siya ng bandera laban dito." Ganoon nga. At pinaninindigan ng Iglesya ang Kanyang tayo, ang ibig kong sabihin dito ay ang Iglesyang ukol sa Espiritu Santo.

32 Ngayon nakalagak doon ang aking buong interes, mga kaibigan, at kaya narito ako. Dun sa labas, ako'y nananalangin para sa mga maysakit. Pero dito sa isa lang ako interesado, at 'yun ay sa ipinanganak na muling Iglesya ng Diyos. Ganoon nga. Doon ako interesado, mangyari nga. Hindi ako interesado sa mga tuntunin-tuntunin, at diyakono-diyakono, at kung ano pang, gaya nun, o mga atas sa kaiglesyahanan. Interesado ako sa bautismo ng Espiritu Santo sa Iglesya, dahil sa araw na ito na kinabubuhayan natin. Yun ang kinasasaligang bahagi, at 'yun ang buong-tuon natin mismo.

Kaunting pagdulog lamang po na panalangin ngayon.

33 Makalangit na Ama, Ikaw po'y bumaba, sa umagang ito, sa kalagitnaan namin. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, at nawa ang Espiritu ng Diyos ang manguna sa gawain. Iyo pong pagpalain ang gawain dito, Panginoon. Iyong pagpalain ang aming kapatid, na si Kapatid na Graham. Diyos, magkaloob Ka sa kanya ng mga salita ng karunungan mamayang gabi, sa pagsasahimpapawid sa radyo, nawa'y—nawa'y maliglig niya ang mga tao gamit ang. . .sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Umiyak nawa ang mga makasalanan, lumuhod sila sa kanilang silid at maibigay nila ang kanilang mga puso kay Cristo. Kung mayroon pong

di-mananampalataya dito sa umagang ito, o ilan na di pa tinatanggap si Cristo, sila nawa'y magsilapit na, rin.

34 At ngayon Ikaw po'y magpasimula ng rebaybal sa mga puso ng mga tao, sa umagang ito, Panginoon. Nawa ang araw na ito ay maging panahon ng pagpapanibago, panahon kung kailan ang Espiritu'y mababago. At, Oh Ama, ganito po ang aming idinudulog sa panalangin. Iyo pong hawakan kami sa aming kamay, bawat isa sa amin, ilakad kami sa lansangan na ito rito. Ipakita sa amin ang dakilang larawan na itinalaga sa dako rito, na inihahayag ang Iyong mga lihim sa puso ng mga banal sa umagang ito, nang sa gayon makita namin kung ano ang narito sa harapan namin. At sa paglakad namin papalapit, Panginoon, suot ang baluti ng Diyos, nawa kami'y makausad na gaya sa mga magigiting na sundalo, na haharap sa kaaway. Pero papaano nga namin kakaharapin ang kaaway maliban na alam namin ang kanyang mga pamamaraan? At Iyo pong tulungan kami sa umagang ito upang aming maunawaan, at ipakita sa amin ang. . .kanyang mga paunang balak dun, para malaman namin kung saan namin siya haharapin. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

35 Sige po, sa ika-2 kabanata, basahin natin ito.

> *Nangyari nga* nang *mga araw na yaon na lumabas ang isang utos mula kay Augusto Cesar,* na *ang buong sanglibutan,* na sila'y *magpatala.*
>
> *(At ito ang unang talaang-mamamayan na ginawa . . .* ng *gobernador sa Siria.)*
>
> *At nagsisiparoon ang lahat upang sila'y mangatala, bawa't isa* sa *kaniyang sariling bayan.*
>
> *At si Jose naman* ay umahon *mula sa Galilea,* sa *bayan ng Nazaret, hanggang sa* Judea, sa *bayan ni David, na kung tawagi'y Bet-lehem; (sapagka't siya'y sa angkan at* sa *lahi ni David:)*
>
> *Upang patala siya pati ni Maria, na magaasawa sa kaniya, na kasalukuyang kagampan.*
>
> *At nangyari, na, samantalang sila'y nangaroroon, at naganap ang mga* kaarawang *dapat siyang manganak.*
>
> *At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang anak na lalake, at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga* sa *isang pasabsaban; sapagka't wala nang lugar para sa* kaniya *sa tuluyan.*

36 Ngayon bilang pambungad na tagpo, para. . .hanggang sa makarating tayo sa bahagi na gagamitin ko sa umagang ito. At lahat po kayo'y ibunsod n'yo na mapadako kayo sa Espiritu ng Panginoon.

37 Tayo, ngayong araw, sa buong mundo, ay ipinagdiriwang ang kapanganakan ni Jesus, na ngayon ay naging tradisyon na. Si

Jesus ay hindi ipinanganak nang Disyembre a-singko o kung ano man na ganun. . . o Disyembre a-beinte singko. Alam natin na imposible ’yun. Ang mga burol ng Judea ay puno ng niyebe sa panahon na ’yan, kaya papaano mangyayari ’yun? Si Jesus kung tutuusin, sa pag-aaral ng mga bituwin, at kung ano pa, at kung pagbabatayan ’yun ay ipinanganak, nang a-uno, mga a-uno ng Abril, kaya panahon ’yun ng Tagsibol. Pero itong araw na ito, na ayos lang naman, ay inilaan para sumamba, bilang paggugunita sa Kanyang pagdating sa mundo.

38 Isa sa pinaka dakilang bagay na ipinagkaloob ng Diyos kailanman sa mundo ay si Jesus Cristo. Yan, alam natin ’yan. At ngayon gusto kong mangusap, sa umagang ito, tungkol sa Kanyang pagka-Diyos, kung Sino Siya. Marami ang nag-iisip na Siya’y munting sanggol na nakahiga sa isang kuna, at kung ano pa. Pero isa lang ’yan—isa lang ’yan sa mga larawan, isa sa tagpo ng pagsasadula, para ipakita kung sino Siya talaga, ang Kanyang pagka-Diyos.

39 At sinabi Niya, sa mga Kasulatan patungkol sa Kanyang pagdating, Siya’y ipinangusap na mula pa’t bago ang panahon ni—ni Juan. Doon pa mismo sa Genesis, iprinopesiya na, na, “Ang Binhi ng babae ay dudurog sa ulo ng serpiyente,” haya’t ipinapangako ang Bata—Bata, si Cristo Jesus. At Siya mismo sa pagdatal, lahat ng mga propeta; lahat halos ng bawat propeta na sumulat sa Biblia, ay nangusap tungkol sa Kanyang una at ikalawang pagdating, tungkol sa panahon na Siya’y paparito sa mundo.

40 Ang pagdating ni Jesus ay tatlong beses. Dumating Siya, nang unang pagkakataon, para *tubusin* ang Kanyang Iglesya. Darating Siya, sa ikalawang pagkakataon, para *tanggapin* ang Kanyang Iglesya. Darating Siya, sa ikatlong pagkakataon, *kasama* ang Kanyang Iglesya. Lahat sa Biblia ay tumutugaygay sa tatlo, tatluhan, pero tumutugaygay ang lahat sa isang Cristo. Siya, alalahanin n’yo, unang pagkakataon, para *tubusin* ang Kanyang Iglesya; ikalawang pagkakataon, para *tanggapin* ang Kanyang Iglesya; pangatlong pagkakataon, *kasama* ang Kanyang Iglesya, bilang Hari at Reyna.

41 Ngayon, mangyari nga na ang tungkol sa Kanyang unang pagdating, ipapangusap natin ’yan maya-maya, at pagkatapos ang tungkol sa Kanyang pagparito noon; at pagkatapos ay tungkol naman sa Kanyang ikalawang pagdating, ito, tungkol dito; at pagkatapos tungkol na sa ikatlong pagkakataon; kung loobin ng Panginoon.

42 Ngayon nung panahon na ’yun, may malawakang pag-uusig sa iglesya. Si Cesar Agusto ay may ipinanukalang malaking plano, na kanyang itatala ang lahat ng mga tao. At ipinangyari lang ’yun para sa isang layunin, na ang dakilang propesiya ng Diyos ay mangyari.

43 Ang tanging bagay na dapat mong gawin, kapag may makikita ka sa Biblia, na tila sa pandinig ay medyo mahiwaga at medyo imposibleng mangyari sa pakiramdam mo, bigyan mo lamang ang Diyos ng kaunting panahon. Ang Diyos nga'y hindi nagmamadali. Tayo 'yung nagmamadali. Bigyan mo lang ang Diyos ng kaunting panahon, at makikita n'yo ang mga lumang propetikong mga gulong, mga ruweda, na tumatakbo nang saktong-sakto sa eksena. Made-debelop, kumbaga sa pagpapalabas ng isang litrato.

44 Kagaya na lang na may nagsabi nung isang araw, sabi niya, "Ang Diyos, ano Siya?" Nung Siya'y noon-noon pa, milyun-milyong taon ang nakararaan, nung Siya'y wala pang . . . noong mistulang kalawakan pa; at pagkatapos Siya'y nabuo sa pagiging Logos; at pagkatapos lumabas Siya mula sa Logos, patungo kay Cristo. Kita n'yo, ang Diyos nga 'yun na bumababa nang *paganito*, papunta sa lupa, pagkatapos ay babalik papunta sa Diyos muli. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Umiinog mismo, bumababa mula sa kalawakan, mula sa Walang Hanggan; nabubuo, bumababa sa pagiging Logos; na mula naman sa pagka-Logos, ay naging Tao, pagkatapos ay babalik uli. Para sa isang layunin, ang matubos ang taong 'yun na nahulog.

45 Ngayon, yan ang ipinarito Niya, ang maging Manunubos. At bago ang Diyos ay maituring na Manunubos, kinakailangan na Siya, ayon sa batas, ay maging isang Manunubos na malapit na kamag-anak. Kinakailangan na Siya'y kamag-anak natin.

46 At ang Diyos sa pasimula, ay nilikha ang Kanyang unang tao, nilikha Niya ang taong ito mula sa espiritu. At ang espiritu ang di-nakikitang bahagi ng tao, na di n'yo nakikita. Ngayon nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang Sariling larawan. Kayo po ba'y nakikinig? Sige. Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang Sariling larawan. "At ang Diyos ay Espiritu," sabi ng Biblia. At ang unang tao na nilikha'y may kapamahalaan sa lahat ng nilikha, gaya ng kung papaanong ang Espiritu Santo'y may kapamahalaan sa ibabaw ng Iglesya ngayon. Siya ang nanguna sa nilikha. Pinangunahan niya ang mga hayop.

47 Pero walang tao na magbubungkal ng lupa, kaya ginawa ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa. At ang tao na 'yun, marahil binigyan Niya siya ng mga kamay na tulad sa unggoy, marahil binigyan Niya siya ng mga paa na gaya sa oso. Hayan nga ang mga bagay na ginawa Niya, pinaglakip-lakip Niya ang mga 'yun nang paganoon at ginawa ang tao. Pero sa tao na ito, inilagay Niya ang imortal na espiritung ito, na di namamatay, inilagay sa tao na ito, at ang tao'y ibinunsod na higit sa isang hayop; siya'y naging isang tao.

48 Mangyari nga na ang taong ito, 'yan sa palagay ko ang iniisip ng mga ateista at ilan sa kanila na nakatayo sa paligid, na

argumento nila. Pero dumating ang oras na pinaaninag ng Diyos ang Kanyang Liwanag, haya't may oras dito na ang Diyos ay gumawa ng mga bagay-bagay. Siyanga. At mangyari nga na ang argumento nila, "Buweno, ang paa naman ng tao'y mukhang sa oso, at ang kamay niya'y parang sa isang—isang unggoy o isang—isang matsing, o kung ano pa," at pilit nilang iginigiit na ang pinagmulan ng tao ay sa ganun. Wala nga 'yang kinalaman dito.

49 Ito'y katawan lamang na laman na pinapanahanan niya, parang isang bahay, ito'y babalik nga sa alabok ng lupa. Pero ang espiritu ay imortal; galing kasi ito mula sa Diyos. Yan ang larawan ng Diyos. Ang Diyos ay isang Espiritu.

50 Naiwaglit ng tao ang pinagmulan niyang ito sa halamanan ng Eden. Ang kanyang kaugnayan, komunyon sa Diyos ay naputol dun, dahil sa kasalanan at di-pananampalataya. Di-pananampalataya sa ano? Sa Salita ng Diyos. Isang senaryo nga ang inilatag kay Eba noon isang beses, at sinabi sa kanya na mas maningning daw kung kanyang maisasantabi lamang—lamang ang Salita ng Diyos, "tumuon dito sa katwiran." Hindi mo magagawa. Ang Diyos. . .

51 May pagkakaiba sa pagitan ng katwiran at Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay totoo; ang katwiran ay huwad. Hindi ka nga makakapangatwiran ng anuman. Siyanga. Ang kaisipan natin, kita n'yo, ay di ganoong kahusay o di magiging ganoong kahusay, para apuhapin ang Walang Hanggang karunungan ng Diyos. At, kaya naman, hindi mo mapangangatwiranan Ito; ang nararapat mo lang gawin ay sampalatayanan Ito.

52 At kaya ang senaryo na 'yun ay inilatag, doon sa una nating ama at ina, at nahulog sila. At 'yun ang sumira sa kaugnayan natin sa Diyos, at sila'y pinalayas mula sa halamanan ng Eden. Mula nung oras na 'yun, ang Diyos ay nagpasimulang tumawag paroo't parito sa buong halamanan, hinahanap ang Kanyang—Kanyang nahulog na anak.

53 At pagkatapos ang tanging paraan lang para matubos ng Diyos ang tao, ay kailangang gawin. . .ang bumaba at tubusin ang tao, na Siya Mismo; hindi iba, hindi magpapadala ng iba pa. Hindi uubra na magpapadala Siya ng isang Anghel; hindi tama 'yun. Mangyari na ang tanging paraan na matutubos ng Diyos ang tao, ay Siya Mismo ang bababa para tubusin ito.

54 Kung may tao rito na magkakasala, at, halimbawa, ako ang huwes na hahatol, sa grupong ito ng mga tao, at mayroon akong hurisdiksyon sa inyong lahat, at kung aking. . .Kung may isa riyan na nagkasala, pagkatapos sasabihin ko, "Ngayon, aking. . .Kapatid na Graham, ikaw ang gusto kong magbayad ng halaga." Hindi naman makatarungan 'yun. Kung sasabihin ko na 'yung sarili kong anak ang magbabayad ng halaga, hindi rin 'yun. . .?. . .makatarungan. Ang tanging paraan lang para ako'y maging makatarungan, ay ako mismo ang hahalili sa tao

na ’yun. At ano ’yun? Ako kasi ang hahatol, at kung gusto kong tubusin ang tao, ako dapat ang hahalili sa kanya, ako mismo. Kayo po ba’y nakikinig pa riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

55 Ngayon, tingnan n’yo, gusto kong pansinin n’yo ang isang bagay. Mangyari nga noong magkaganito, ang tanging paraan na matutubos ng Diyos Mismo ang tao, ay ang bumaba at humalili sa lugar ng taong ’yun. At ’yun ang kautusan na ibinigay ni Moises, patungkol sa pagtutubos, na kinakailangan ay sa pamamagitan ng isang kamag-anak na manunubos; isang lalaki na unang-una ay karapat-dapat, isang lalaki na karapat-dapat sa halaga, isang lalaki na makapagdedeklara sa publiko at makapagtutubos sa nawaglit na ari-arian ng isang tao na nahulog. At, mangyari, na ang Diyos ay karapat-dapat. Siya’y bumaba nang mga labing-siyam na daang taon ang nakalilipas, sa anyo ng isang sanggol, ipinanganak sa isang sabsaban, sa paglililim ng Espiritu Santo, di ipinanganak sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa. Siya ay Diyos. Ang Dugo ng Diyos ay nasa Kanya.

56 Ang sanggol sa tuwina’y dugo ng tatay nito, hindi ng nanay nito. Alam nating lahat ’yan. Kung walang . . . Naituro ko na ’yan noon, dito, nang ilang beses na, at alam n’yo na ang sanggol ay wala ni katiting na dugo ng nanay nito sa kanya, ni katiting.

57 Wala, wala mismo. Dugo sa tuwina ng lalaki. Ang isang inahing manok ay makapapangitlog, pero kung ang itlog ay di napagniigan, hindi ’yun mapipisa. Kahit gaanong kaganda pa ang itlog, at gaano pang liliman ’yun ng inahin, mananatili ’yun di napagniigan. Maiiwan lang na nakatiwangwang ’yun dun ay mabubulok, ganoon nga, maliban na lang kung may lalaking manok na nakipagniig sa babaing manok, at mangyaring ang binhi ng buhay ay nanggagaling sa lalaki.

58 Kaya, noong si Maria, “na di nakakilala ng lalaki,” haya’t siya’y napasa-presensya ng Lalaki, ang Diyos, si Jehovah na Pinaka Makapangyarihan sa lahat, at Kanyang nililiman siya, at ang Diyos ay ang Manlilikha na lumikha ng isang selyulang Dugo sa loob ng sinapupunan ni Maria, “na di nakakilala ng lalaki kahit kailan.” At ’yun ang nagbunsod nung lumilikha mismong Dugo ng Diyos, para tubusin tayo mula sa ating buhay na dumating tayo rito na ipinanganak sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa.

59 At pagkatapos ang Dugo na ’yun ay lumabas mula sa mga ugat ni Emmanuel, sa krus ng Kalbaryo, at mapasa hanggang sa panahon ngayon ay may siya pa ring nakapagliligtas, na nakapagtutubos, na banal na kapangyarihan gaya ng ginawa nitong pagsasalin-ng-dugo na ibinunsod noon sa Kalbaryo. Kayo po ba’y sumasampalataya riyan? Amen! Ngayon, ganoon po ’yun, tayo’y tinubos sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos. Ang

sabi ng Biblia, "Binili tayo sa pamamagitan ng Dugo, at tinubos sa pamamagitan ng Dugo, sa pamamagitan ng Sariling Dugo ng Diyos."

60 Papaanong nangyari na Dugo 'yun ng Diyos? Ang Diyos ay wala namang dugo. Papaano 'yun? Dahil ito'y ang lumilikhang Dugo ng Diyos na Kanyang nilikha mismo, para tubusin tayo, at pumarito't nanahan sa siya ring katawan na 'yun na nilikha Niya. Mangyari kasi na di Siya. . .Ang Diyos ay kailangang dumaan sa tukso; hindi nga Siya nakararanas ng pagtutukso. Pero kinailangan na dumaan Siya sa seksuwal na pagtutukso. Kinakailangan na dumanas Siya ng lahat ng uri ng pagtutukso, kailangang tuksuhin ng diyablo, sa karangyaan at mga kapangyarihan at—at mga pamamahala, at kung anu-ano pa. Kinailangan Niyang pagdaanan ang lahat ng 'yun. Para maibunsod 'yun, haya't hindi Siya maaaring bilang Diyos sa Espiritu; kinakailangan na Siya'y Diyos sa laman.

61 Ngayon ang ipinapangusap ko sa umagang ito ay tungkol sa pagka-Diyos ni Cristo, nang sa gayon malaman n'yo kung Sino Siya na sinasamba natin sa panahon ngayon. Hindi isang sanggol sa isang sabsaban, o hindi rin Santa Claus, bagkus ang sinasamba natin ay ang Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat, diyan sa pagka-Diyos ng Kanyang Anak.

62 At pansinin n'yo nga, na ang Dugo na 'yun ay bumaba at ito'y. . .at ito'y si Cristo Jesus. At ang Diyos Mismo, umalis sa pagka-Espiritu, pumaroon kay Cristo Jesus. At ang sabi ng Biblia, na, "Ang Diyos ay nakay Cristo, pinakikipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya." Tama po ba? Ang Diyos Mismo, si Jehovah, nabubuhay kay Cristo at naging isang malapit na Kamag-anak sa atin, dahil Siya'y ipinanganak sa isang taong-laman gaya natin. Tama po ba? Ang mga selyulang Dugo ay binuo ng Diyos, at ang—ang mga selyulang laman ay binuo sa sinapupunan ni Maria, na nagsilang sa Bata. At bumaba ang Diyos at nabuhay sa laman ng tao, at tinukso sa lahat na ng pamamaraan katulad natin. Naniniwala ba kayo riyan? Sige.

63 Ngayon, mangyari, na nung gawin Niya 'yan, walang bayad Niyang ibinigay ang Kanyang Dugo. Maaari namang di Niya gawin 'yun. Pero ginawa Niya ang paghahain na 'yun. Maaari namang dumiretso Siya sa Kaluwalhatian agad-agad. Maaari namang magbagong-anyo Siya agad-agad katulad nung naroon Siya noon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, dumiretso sa Langit at di na mamatay para sa atin. Pero 'yung kaluguran na mamatay para sa atin, ibinigay Niya nang walang bayad ang Kanyang Dugo sa Kalbaryo. Siyanga. At pinili Niya . . . Siya'y isang Lalaki ng kapanglawan, bihasa sa karamdaman, at iniladlad Niya mismo ito nang hayagan sa publiko.

64 Sa Ru-. . .Ang Aklat ni Ruth, ay isang napaka gandang larawan nito, kung papaanong si Boaz, ay tipo ni Cristo, kung

papaanong si Ruth ay nagtungo sa isang dayuhang bansa, sumasagisag sa isang pagtalikod sa pananampalataya, lumabas ng lupain, at bumalik na kasama na ang kanyang. . .Si Naomi po pala ang ibig kong sabihin, at bumalik kasama na si Ruth. At nung si Ruth ay makabalik, isa siyang. . .at taga-lupain na siya ng Moab. At nung siya'y bumalik, haya't isa siyang Moabita; isang ganap na larawan ng Nobyang Gentil, ng Iglesya.

65 At nung nagtungo na siya para lumisan kasama si Naomi, sinasabi sa kanya ni Naomi, sabi. . .hinagkan siya't sinabihan siya na bumalik na sa kanyang kababayan. Sabi niya, "Ako'y sasama sa iyo sa iyong mga kababayan. Itulot mo na ang iyong bayan ay maging aking bayan, at ang iyong panahanan ay maging aking panahanan, itulot na ang iyong Diyos ay maging aking Diyos, at wala kundi kamatayan ang makahihiwalay sa atin. Kung saan ka mamamatay, dun ako mamamatay. Kung saan ka ililibing, dun ako ililibing."

66 Ngayon hayan po ang larawan ng Iglesyang Gentil na patungo kay Cristo. Dahil, tayo'y mga dayuhan noon na malayo sa Diyos, mga Judio lamang ang—ang inililigtas. Pero tayo, yamang mga patay na kay Cristo, naging Binhi ni Abraham at mga tagapagmana ayon sa pangako, at si Cristo'y kumuha ng Gentil na Nobya. Ganoon mismo.

67 Ngayon para tubusin, ni Boaz, tubusin ang nawaglit na ari-arian ni Naomi (Yan ang tumalikod sa pananampalatayang kalagayan ng Israel.), mangyari nga na si Moab—si Moab ay lumantad dun, at nung gawin niya ito, o si Boaz po, pala, at nung siya'y dumako na roon, kinailangan niyang hubarin ang kanyang panyapak sa harapan ng pintuang-bayan, sa harapan ng mga matatanda, upang makapagdeklara sa publiko nang hayagan na kanyang tinubos na ang nawaglit na babaing 'yun sa ari-arian nito. At sa bagay na ginawa niyang 'yun, haya't binili niya pabalik, din, nakuha niya roon ang kanyang nobya, ang babae na kanyang—kanyang hinahanap. Kinailangan niya na tubusin si Naomi unang-una, nang sa gayon ay makuha niya ang kanyang nobya. Nakikita n'yo na ba?

68 At 'yun ang siya ring bagay na ginawa ni Cristo. Naghayag Siya sa publiko sa mga pintuang-bayan ng Jerusalem, noong panahon na 'yun na Siya'y hinampas, hinagupit, sinaktan, at dinala pa-Kalbaryo, sa Kal-. . .burol ng Golgota. At tinigmak ang burol ng Kanyang Sariling Dugo, bilang paghahayag sa publiko na tinubos Niya ang lahat ng nahulog na pagmamay-ari sa simula, at tinubos ang Kanyang bayan mula sa sumpa ng kasalanan at mula sa mahigpit na hawak ng Impyerno.

69 At yamang nalalaman na ang nobya'y mangangailangan ng bagay na higit sa huling mga araw, kumpara sa kung anong mayroon siya nung panahon na 'yun, Kanyang sinabi, "Hindi Kita iiwan na mag-isa. Idinadalangin Ko sa Ama na

Kanyang pagkakalooban ka ng isang mang-aaliw, ang Espiritu Santo. Mananahan Siya sa iyo magpakailanpaman. Kaunti pang panahon ay di na Ako makikita pa ng sanlibutan; mangyaring Ako'y aakyat sa Langit at aayusin ang bagay na ito, at Ako'y babalik at sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng kapanahunan." Yan ang ipinapangusap ko. Nakikinig pa po ba kayo sa akin? Sabihin n'yo, "Amen." Siyanga. Yan ang ipinapangusap ko ngayon, Siya na paparito uli sa Kanyang kapangyarihan.

70 Pagdaan ng mga kapanahunan, "Oh, Sino Siya?" Haya't, sa umagang ito, iniisip nila na Siya'y kung anong munting bagay na pinag-uukulan ng pagsamba, kung anong munting sabsaban sa isang dako roon, kung anong munting. . . Yung ganoon, di ganoon ang iniisip ko.

71 Ang iniisip ko'y si Cristo, ang pag-asang Kaluwalhatian, na narito sa mga puso natin sa umagang ito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siyanga.

72 Oh, hinatulan ng sanlibutan! Pumaparito sa mundo ang Diyos sa tuwina; at sa tuwing pumaparito Siya, kinamumuhian Siya ng sanlibutan. "Kung paano sa mga araw noon ni Noe, ay ganoon din sa pagparito ng Anak ng Diyos." Nandito na tayo sa panahon na 'yan, mga kaibigan.

73 At ngayon pansinin, "Kaunti pang panahon at di na Ako makikita pa ng sanlibutan; subalit makikita ninyo Ako, dahil Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa dulo man ng mundo." Ganoon nga. Narito Siya mismo ngayon. "At sa huling mga araw. . ." Ganoon nga na ang malaki Niyang larawan ay lumiligid sa tuwina at ibinubunsod na ang siya ring bagay ay mangyari na ang mga bagay na ito ay nakikita na natin ngayon. Ang dakilang drama ay inilalantad na, at handa na tayo para makita ang mga dakilang bagay na mangyari.

74 Ang Iglesya'y hinango mula sa duyan. Siyanga. Dinuduyan ito ng Pentecostal sa dako dun, mga ilang taon ang nakararaan, doon noong binabato ito ng mga tao't pinagtatawanan, at nililibak, pero ang iglesya nga'y lumago na ngayon. Ganoon mismo. Narito na ang oras. Hallelujah! Ganoon nga. Yan ang bagay na interesado ako, ang makita ang Iglesya ng Diyos na naglalakip-lakip na ngayon. Tayo'y hinahambalos noon *dito*, at hinahambalos *doon*, pero dumarating na ang oras kung kailan tatalukbungan tayo ng Diyos nang sama-sama lahat, para hanguin tayo papalapit, dahil ang kaaway ay nasa pintuang-bayan na. Hallelujah! Siyanga, po. Sabi Niya, haya't sa Kanyang bayan, sinabi ni Daniel, "Ang mga dakilang bagay ng huling mga araw, kapag ang mga bagay na ito'y nangyayari na, anupa't, gagawa ng dakilang mga kabayanihan ang mga tao, ang mga kalalakihan ng pananampalataya'y magpapabunsod, sa araw na yaon."

75 At mangyaring dumating na ang oras na ’yun ngayon kung kailan ang dakilang drama, ang larawan ng Diyos na nailantad, patungkol sa huling ulan. Sinabi ni Joel, “Sa huling mga araw, darating na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalaki’t mga anak na babae’y magsisipagpropesiya. Sa lingkod ninyong mga babae’t lingkod na mga lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu. At Ako’y magpapakita ng mga tanda sa itaas sa langit, at mga tanda sa ibaba sa lupa, at mga haliging apoy, at singaw ng usok. Ito’y mangyayari, bago dumating ang dakila’t kakila-kilabot na araw ng Panginoon, na sinuman ang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”

76 Sinabi ni Jesus noon, “Itong mga bagay na ito na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo, at lalong dakila pa rito, sapagkat Ako’y dadako na sa Aking Ama.” Hallelujah! Hallelujah! Heto ang sinabi Niya roon, sa—sa—sa Salita roon, sabi, “Kung kayo’y magsisipanatili sa Akin, at ang Aking Salita’y mananatili sa inyo, humiling kayo ng anumang inyong ibig at ito’y ipagkakaloob sa inyo.”

77 Mga ilang taon ang nakararaan, sinasabi-sabi ng mga tao riyan sa paligid, “Kayo na mga taga-riyan sa Tabernakulo ay mga holy-roller. Kayong lahat ay *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*. Nababaliw na kayo!”

78 Pero, oh, grabe, tumindig tayo sa Bato na ’yun, na Totoo, tungo sa bautismo ng Espiritu Santo, at ngayon ang kapangyarihan ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat ay nag-anyo sa iglesya, nabubunsod. Hallelujah! Nakatuon ako ngayon sa panahon na yuyugyugin ng Diyos ang buong ito, sa buong dako. Kapatid, narito na ito mismo ngayon. Nangyayari na. Siyanga.

79 Ang Kanyang pagka-Diyos. Sino Siya? May ilan sa kanila na ipinapalabas nila na Siya’y munting sanggol pa rin. Haya’t Siya ang Isa na ’yun na nakatayo na di-nakikita, oh, grabe, sa entablado, inuunat ang Kanyang mga kamay, at nagsalita’t nagsabi, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Si Jesus Cristo ’yun. “Sapagkat Siya’y nasa sanlibutan, at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, at hindi Siya napagkilala ng sanlibutan.” Siya ay. . .Siya ang pagka-Diyos ng Diyos. Tingnan n’yo ’yung bagay na ginawa Niya roon. Yung sinasabi n’yo riyan na mga mapaghimalang bagay; ’yung sinasabi n’yong pagsigaw? Noong magpamalas Siya ng mga bagay na mapaghimala, upang ibunsod ang mga bagay na nariyan na ngayon, mula sa mga bagay na wala noon, Kanyang sinalita lamang at nagkaroon.

80 At ang siya ring Kapangyarihan, ang siya ring Cristo! Hallelujah! Hayaan n’yo ang mga pundamentalista, hayaan n’yo sila na mga tumatanggi sa Kapangyarihan ng Diyos, na

sabihin nilang mali Ito, gayong ang siya ring Kapangyarihan na sinalita lang para lumitaw ang mundong ito ay naroon sa mga taong ito na kamit-kamit ang Espiritu Santo. Ganoon nga. Mga kalalakihan at mga kababaihan, panahon na para malaman natin kung sino talaga kayo. Sinusubukan ng diyablong itago kayo sa likuran, sinasabi sa inyo na kayo'y kung ano lang na munting lugmok na bagay. Hindi kayo ganoon. Kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Ang pagka-Diyos ay wala sa Langit; nasa sa inyo. Hallelujah! Alam ko na iniisip n'yo na ako'y nababaliw, pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, kapatid: Kapag napagkilala n'yo na ang Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat ay nabubuhay sa inyo, na imortal na Buhay, "Ang Aking Buhay ay ibinibigay Ko, Zoe," ang Buhay ng Diyos ay nasa tao nga!

81 Tumayo Siya roon, Siya ang Maylalang ng lahat ng mga bagay. Nilikha Niya ang buhay; mga palaka, oh, mga bubuyog, mga pato, mga manok, mga hayop, nilikha mismo ang lahat. "At walang bagay na nilikha na anupa't lahat ay nilikha sa pamamagitan Niya." Nino? Ni Cristo, ang pagka-Diyos! "Nagpababa Siya ng mga salot, at lahat sa panahon noon ng Egipto." Sino? Si Cristo! "Itinikom Niya ang mga—ang mga bibig ng leon. Pinatay Niya ang marahas na bisa ng apoy. Nakaiwas sila sa talim ng tabak. Binangon nila ang mga patay mula sa libingan." Sino? Si Cristo! Oh, grabe, kayganda mismo! Sino Siya? Si Cristo, ang pagka-Diyos!

82 At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang pagka-Diyos na 'yun ay nasa inyo. "Kaunti pang panahon at di na Ako makikita pa ng sanlibutan. Pero makikita ninyo Ako, dahil Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa dulo ng panahon." Si Cristo ba na nasa sabsaban? Hindi. Si Cristo na nasa inyo! Hallelujah! Hindi natin sinasamba si Cristo na nasa sabsaban, bagkus si Cristo na nasa inyo, ang Espiritu Santo, ang pag-asa sa Buhay, hallelujah, ang Maylikha, ang Diyos Mismo na nananahan sa tao. "Hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo, pero nalalaman natin na Siya'y makikita natin bilang Siya." Dahil tayo'y magiging katulad Niya, ang Espiritu sa loob ng tao.

83 Wala silang lugar para sa Kanya. Sinasabi ng mga tao na sila'y—sila'y kay Cristo raw, na ang iglesya nila'y kay Cristo raw, nagpupunta sila sa . . . At tingnan n'yo kung anong nangyari kagabi? Nagsisipagbukas ng mga Pamaskong regalo. Tingnan na lang natin si tatay; doon nga'y . . . sa may ilalim ng Krismas tree, maraming kalalakihan, kagabi, ang nagpatong ng isang kaha ng serbesa sa kung saan. Wala nang lugar para kay Cristo; sa serbesa lahat ang pansin. Bubuksan ang regalo para kay nanay, haya't mga baraha. Wala nang lugar para kay Cristo; puro baraha. Ganoon nga. Sa halip na munting Biblia o kung ano para sa mga bata, haya't isang munting G-man na libro, o kung ano na gaya nun. Wala nang lugar para kay Jesus. Sa halip na sa

simbahan dapat ang punta, sa isang palabas ang punta, sa mga sayawan, lahat na, at tinatawag ang mga sarili na mga Cristiano raw sila.

84 Kapatid, kapag ang pagka-Diyos ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay pumasok sa puso ng tao, palalabasin Nito ang lahat ng di nilikha ni Cristo. Alam n'yo na 'yan ay katotohanan.

85 Ang Diyos, si Cristo, ang pag-asang Kaluwalhatian, ay nasa inyo! Wala sa kuna; nariyan na sa inyo! Yun ay panahon pa noon, na ang Diyos sa pasimula, noong pumaroon Siya kay Moises, pumaroon Siya sa mga anak ni Israel, ay pumaroon Siya sa kuna. Pero ngayon sinasamba nila Siya sa paraan noon gaya ng sinaunang panahon; gayong, si Cristo ay nariyan na sa inyo! Heto Siya, ngayon, ang Anak ng Diyos na gumagawa, ang dakila Niyang Iglesya'y umuusad na.

86 Ngayon ang mga iglesya'y may mga engrandeng hapunan ng sopas, engrandeng hapunan ng pie, titingnan kung sino ang pinaka magandang manamit, magpupunta sa simbahan na ang intensyon ay mataas, mapuri, kung sino ang may pinaka magarang bahay-sambahan, pinakakumportableng mga upuan, kung sino ang nakatutugtog ng *ganito*, kung sino ang nakagagawa ng *ganoon*. At walang lugar; lagi na lang iba ang ginagawa sa halip na manalangin. Di na sila nakakapanalangin pa. Lagi silang may ibang inaatupag; di na sila nakakapanalangin pa. Di na sila makaibig, makapaglingkod sa Diyos gaya ng dati nilang ginagawa. "Wala nang lugar na dapat ay para sa Kanya sa bahay-tuluyan." At ito'y sa huling panahon, kaibigan. "Wala nang lugar na dapat ay para sa Kanya sa bahay-tuluyan." Oo't, alam ko ang ibig sabihin ng bahay-tuluyan na tinutukoy riyan, pero ang tinutukoy ko ay ang bahay-tuluyan na ito.

87 Pero sinabi ng Biblia, "Sa araw na 'yun, kapag ang puno ng almendro ay mamulaklak, ang pagnanais ng tao ay mabibigo; sapagkat ang tao'y yumayao sa kanyang malaong tahanan, at ang mga tagapanangis ay nagsisigala sa mga lansangan; o ang panaling pilak ay mapatid, o ang banga ay mabasag sa bukal." Oh, kahabagan, kaibigan ko!

88 Pero sinabi rin ng propeta, "Magliliwanag sa oras ng gabi." Ganoon nga. Ang daan sa Kaluwalhatian ay sigurado mong masusumpungan. Ganoon nga. Dumating na ang oras ng gabi. Ang iglesya ngayon, na dating ang bihis ay tulad sa munting sabsabang karanasan na pinagdaanan natin, ay nakarating na sa isang punto ngayon na ang mga tao'y napagtatanto nila na ang pagka-Diyos at Kapangyarihan ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat ay nabubuhay sa tao.

89 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hayaan n'yong makapangusap ako sa inyo, sa Pangalan ni Jesus, sa umagang

ito. Nakikinig pa po ba kayo sa akin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, grabe, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay!

90 Dumadating na ang panahon na ang kababaihan at lalaki ay magkaparehas na magkaparehas na. Parehas na parehas ang bihis, hindi mo na masasabi kung alin ba 'yung isa sa isa. Ganoon nga. Lahat ng mga bagay na 'yun sa Biblia, na sinabi na mangyayari, ay nandito na. Ganoon nga. Alam n'yo na 'yan ang Katotohanan. Yun ba ang Katotohanan? Yun ba ang Katotohanan? At 'yun nga, 'yun ang Katotohanan. Parehas ang ikinikilos nila, parehas ang itsura, parehas ang pagmumura, parehas ang pananalita. Sinabi ng Biblia na magkakaganoon. Sabi niya, "Sa huling mga araw, darating ang panahong mapanganib. Ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, kaysa sa maibigin sa Diyos; mga walang paglubag, mga palabintangin." Nandito na ba? Siyanga.

91 Oh, maluwalhati ang Diyos! Damang-dama ko na may lumalagislis sa aking kaluluwa! Grabe, oh, kapag napapatanaw ako rito! "Katulad sa mga araw noon ni Noe, ay gayundin sa pagdating ng Anak ng tao." Si Noe ay may mga tapat nung panahon na 'yun. Ang Diyos din ay may mga tapat sa panahon na ito ngayon. Papalapit na ang oras, ang dakilang drama na ito'y papaladlad na.

92 Mga kalalakiha't kababaihan, kung nananahan sa inyo ang Espiritu Santo, haya't ang Cristo na ipinanganak labing-siyam na daang taon ang nakararaan ay dumating sa pagiging ganap na lalaki. Hindi Siya nanatili roon sa kuna.

93 At sa panahon ngayon, ang paggugunita nila sa Kanyang kaarawan, ano bang ginagawa nila? Haya't kumukuha sila ng kung anong punongkahoy, pinuputol 'yun, gagawing Krismas tree para sa mga bata. Pero sa isip nila . . . Ayos lang naman 'yan; hindi ako yumuyurak laban diyan. Pero ang nangyayari, mas naglalaan sila ng panahon para dun sa Krismas tree kaysa sa ang dapat ay maglaan sila kay Cristo.

94 Naglipana ang Kris Kringle sa buong bansa. Sino siya? Isang Aleman, isang Katolikong santo maraming taon na ang nagdaan, isang matandang lalaki na humahayo na gumagawa ng mabuti. At ngayon nagmistulang pagsamba na. Ganoon nga. Ayos lang na banggitin sa mga bata, o kung ano man 'yan na gusto n'yong gawin, kung ako lang. Pero ang nangyayari, napakadaling mahulog dun sa bitag sa kabilang panig, at naitutulak tuloy palabas si Cristo, ang tunay na pinagsasaligan patungkol kay Cristo, patungkol sa Pasko. Haya't si Kris Kringle na ang pinanghahawakan ng tao sa halip na tunay na Pasko, ganoon nga, "Wala nang lugar para sa Kanya sa bahay-tuluyan."

95 Latag na latag na mismo, kung may oras pa sana tayo. Alam ko na tumatanghali na, at tumatanghali na.

96 Pero tingnan n'yo, mga kaibigan, dumating na ang oras, at narito na ito ngayon, ang panahon na ang dakilang drama ng Diyos ay nailatag na sa harap natin. Ang Anak ng Diyos, na naroon noon sa kuna, ay narito na sa puso natin ngayon. Siya ang pagka-Diyos ng Diyos. Siya ay Diyos, ang Manlilikha. Sabi Niya, "Lahat ng mga bagay. . . Siya'y pumunta sa sanlibutan, at nilikha Niya ang sanlibutan, at hindi Siya napagkilala ng sanlibutan."

97 At, ngayon, 'yan ang problema sa kaiglesyahan. Ang pag-asang Kaluwalhatian, ang bautismo ng Espiritu Santo, ay dumating na sa puso ng mga tao, at di nila Ito napagkilala. Sa tingin nila munting paanib-anib lang sa simbahan, o kung ano na gaya nun.

98 Pero ang Diyos 'yun, ang Manlilikha, na nabubuhay sa inyo, at nagkakaloob sa inyo ng lahat na mga Kapangyarihan. At kamit-kamit n'yo bilang pagmamay-ari ang anuman na mayroon Siya. Kaya nariyan na Ito sa inyo para lumayo kayo mula sa kasamaan, gumawa ng mabuti, salansangin ang kasamaan at tumakbo patungo sa katuwiran, upang bumaling palayo mula sa tukso. Lahat ng masamang hangad, pagkamuhi, pagtatalo, pagka-inggit, at lahat, bumaling kayo palayo mula riyan, dahil 'yang mga ganyan ang magwawaglit sa Kanya mula sa inyong puso. Kung tatanggapin n'yo Siya, ay yakapin n'yo na Siya mismo at ibigin Siya, at panghawakan sa inyong puso at ibigin Siya! Sinasabi ko sa inyo, ang iglesya na lakip-lakip sa ganyan mismong uri ng Kapangyarihan, ay taglay ang Kapangyarihan na talian ang kalangitan, pagalingin ang maysakit, imulat ang mga mata ng bulag, hallelujah, ang bingi'y makapagsalita. . . o ang pipi'y makapagsalita, ang bingi'y makarinig, ang mga pilay ay makalakad, ang mga bulag ay makakita. Bakit? Ito'y dahil sa pagkilala sa Kapangyarihan ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat na papasok sa inyong puso. Hayan mismo Siya, ang pagka-Diyos.

99 Iniibig n'yo ba Siya? Hindi nakapagtataka na sinabi ng makata:

> Biyayang kamangha-mangha! Ako ay naantig
> nang aking marinig,
> Na ang tulad kong kapus-palad ligtas kahit di
> karapat-dapat!
> Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon
> ay nasumpungan,
> Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay
> nakakakita.

100 Minamahal na kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung di mo pa natatanggap ang bautismo ng Espiritu Santo, sa umagang ito, tumakbo ka papunta sa Kaharian ng Diyos nang singbilis na makakaya mo. Ang panahon ng pagtatatak ay nangyayari

na. Ang kaaway ay dumarating na parang isang baha; Siya'y nagtataas ng bandera laban dito. Ang drama'y hayan na. Ang iglesya'y papauwi na't singtiyak sa anumang bagay. Di mo kailangang magpatumpik-tumpik palagi, kapatid. Wala ka nang panahon para magpatumpik-tumpik pa. Mainam na lumapit ka na ngayon. Ngayon mo na gawin, siyanga, "habang ang ngayon ay ngayon pa." Gawin mo na ngayon.

101 Alalahanin n'yo, mga kaibigan, mukhang kakatwa nga. Ang mundo kahit kailan. . . Ang relihiyon ni Cristo ay di naging popular kahit kailan. Lagi itong di popular, ang mga gawi ng Diyos, dahil ang diyablo'y "ang pangulo ng kapangyarihan ng himpapawid." Saklaw niya ang lahat ng mga gobyerno. Bawat gobyerno'y kontrolado ng diyablo, ayon sa Biblia. Sinabi mismo ng diyablo na ganoon nga. Siyanga. Kontrolado niya ang lahat na mga gobyerno.

102 At mangyari pa na sinabi ng Biblia, "Magalak, lahat kayo na mga banal na Anghel, at kayo na mga banal sa ibabaw ng lupa; sapagkat ang mga kaharian ng sanlibutang ito'y naging mga kaharian na ng ating Diyos, at ng Kanyang Cristo, at sila . . . Siya ay maghahari."

103 Dinala ni Satanas si Jesus sa ibabaw ng bundok noon, ipinakita sa Kanya ang lahat na mga kaharian ng sanlibutan, sabi, "Lahat ng mga ito'y akin, at maibibigay ko ang mga ito sa Iyo."

104 At sinabi ni Jesus, "Lumayas ka, Satanas." Ganoon nga. Wala Siyang pakialam sa . . .

105 Sabi Niya, "Kung ang Aking kaharian, ay sa sanlibutang ito, tatawagin ko ang alinmang mga hukbo ng mga Anghel; subalit ang Kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito, bagkus ang Aking Kaharian ay sa Langit."

106 At sinabi Niya, "Ang Kaharian ng Diyos ay papasainyo." Kaya ibig sabihin ang mga hukbo't mga kapangyarihan, at ang pagtaguyod ng mga Banal na Anghel (hallelujah) ay nandiyan sa inyo, sa umagang ito, sa pamamagitan ng pagka-Diyos ni Cristo, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Siyanga, po.

107 Sino po kayo, sa umagang ito? Sino si Cristo Jesus? Siya'y nariyan sa inyo kung ipahihintulot n'yo lang na Siya'y lumagi riyan. Siya'y nagtutumulin, nagsisikap na lumagi sa kalooban n'yo, na pumasok sa inyo ngayong araw na ito. At ano't kayo'y tatayo lang at magdadalawang-isip, at tatanaw at titingin sa malayo, at para bang may pag-aagam pa. Huwag pong ganyan. Kayo po'y lumapit lamang nang diretso tungo sa sinapupunan ng Diyos. Ang oras ay narito na. Hallelujah!

108 Oh, ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa Kanya! Siya'y paparito na isa sa mga araw na ito. Inaasam ko na makita Siya. Kayo rin po ba? Inaasam ko na makita Siya. Naniniwala ako na

makikita natin Siya. Kayo po ba? Narito na Siya ngayon. Ang Kanyang Kapangyarihan ay kumikilos na.

109 Anong nagbubunsod sa mga tao na umiyak at sumigaw, ganoon ang gawin? Anong mayroon? Ang Espiritu Santo 'yun na nasa kanila. Kung mapagtatanto lang sana nila at—at Siya'y yakapin! Yakapin ang Espiritu Santo, sampalatayanan Siya, yakapin Siya sa inyong dibdib. Mamuhay nang tama, huwag gumawa ng bagay na makahahadlang sa Kanya. Sabihin n'yo, "Oh Panginoong Jesus, inaasam Kita. Inaasam Kita na tumayo sa tabi ko. Ako'y tatayo sa Iyo, Ama." At habang ginagawa n'yo 'yan, Siya'y nagtutumulin na makapasok sa inyo. Nais Niyang makapasok diyan. Sinusuyo Niya kayo patungo sa Kanya, sa tuwina.

110 Ngayon, mga kaibigan, alam ko na 'yan ang Katotohanan. Alam ko na di namamalayan ng mga tao kung sino kayo. Bawat tao na narito'y makapapamuhay nang malayo sa kasalanan, makapapamuhay nang walang kasalanan, makapapamuhay sa Diyos. Makagagawa kayo ng pagkakamali, pero ang Dugo ni Cristo'y patatawarin kayo. "Ama, patawarin Mo sila, sapagkat di nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Tama ba? Ang siya ring Kapangyarihan ni Cristo na nabayubay sa krus ng Kalbaryo, ang siya ring Diyos na ibinangon Siya nung araw na 'yun ng pagkabuhay na mag-uli, ay nariyan sa inyo ngayon, kayo na taglay-taglay ang Espiritu Santo. Oh, hindi ba't iniibig n'yo Siya? Oh, grabe! Pakinggan n'yo ang Tinig Niya na tumatawag ngayon.

111 Dalhin n'yo Siya nang malapit sa inyong dibdib, at sabihin, o nang malapit sa inyong kaibuturan, at sabihin, "Ngayon, Panginoong Jesus, ako'y nabago ngayon, mula sa araw na ito ng Pasko na napagkilala ko kung Sino Ka ngayon. Sinasamba Kita dati bilang isang munting sanggol sa isang sabsaban. Ang tingin ko po sa Iyo noon ay munting sanggol, labing-siyam na daang taon ang nakararaan, at iniisip ko pa nga noon, 'Oh, kung makapupunta lang ako ng Jerusalem!'"

112 Ngayon, kumukuha sila ng mga pases at lahat, para makabisita doon sa—doon sa kuna, doon sa lugar kung saan Siya ipinanganak, sa siya ring sabsaban. Pero, mga kaibigan, wala 'yun *doon* sa kung saan Siya ipinanganak; *narito* po 'yun ang dako kung saan Siya ipinanganak. Ibinaba Siya ng Diyos patungo sa bawat isa atin, at ang buhay Niyang pagka-Siya ay nabubuhay sa atin. Oh, ang Manlilikha, ang bagay na lumikha sa mundo, at lumikha sa kalangitan, lumikha sa lupa, lumikha sa tao, ay narito na mismo sa bawat indibiduwal na kinamit ang bautismo ng Espiritu Santo ngayon. Yun ang bagay, 'yun ang sekreto, ang tanggapin ang Espiritu Santo. Siya'y nariyan sa inyo. Siya ang pag-asang Kaluwalhatian.

113 At tingnan n'yo rito, sa Lumang Tipan, gaya ng nabanggit

ko na nang maraming beses, na kapag ang kontrata'y napagkasunduan na, ito ay pinipilas, sa ibabaw ng patay na hayop. At 'yung dalawang putol nung kontrata na 'yun ay kailangang magdugtong, kailangan na maisugpong sa isa't isa.

114 At, ngayon, gumawa ang Diyos ng kontrata. Hindi dahil sa mabait ka, hindi dahil sa nagpamiyembro ka sa simbahan, hindi dahil sa mataas ang tingin sa iyo sa lipunan. Magagawa mo sa sarili mo na maging mabait, makakapamuhay ka sa sarili mo ng malinis na pamumuhay, makapag-aalay ka araw-araw, makasasakripisyo ka araw-araw, makabibigay ka ng bahagi ng iyong pera, magagawa mong isuko ang lahat ng kasalanan sa mundo, at lahat na, at mamuhay nang totoo at tapat sa abot ng makakaya mo, at magmimintis ka parin sa Langit gaya ng layo ng Silangan mula sa Kanluran. Ganoon nga. Hindi kasi sa kabutihan kung kaya't tayo'y naligtas, bagkus ay dahil sa Kanyang awa kaya tayo'y binili, yamang nais ng Diyos na magbunsod ng mga anak na lalaki't mga anak na babae. Hindi ang kabutihan ang nagbunsod sa kanila. Ang Espiritu ng Diyos ang nagbunsod sa kanila. Kung hindi ganoon, ay di na Niya sana ipinadala ang Espiritu Santo.

115 Papaano ngang ang Espiritu Santo'y makukumpleto malib-. . .papaano makukumpleto ang—ang kontrata? Sabi ni Jesus, "Ako'y aalis, gayumpaman Ako'y darating muli; at sasama sa inyo, sasa inyo. Manalangin sa Ama, at ipagkakalob Niya sa inyo ang Espiritu Santo. Siya'y mananatiling kasama, kailan man."

116 At samantalang ang mga tao'y abala sa paglilista ng kani-kanilang pangalan sa aklat ng simbahan, sinusubukang magbuklat ng panibagong pahina ng buhay sa araw ng Pasko, sinusubukang magtungo roon sa simbahan at magbigay ng mga pagpupugay sa sabsaban sa dako roon. Samantalang, ang Espiritu Santo'y kumikilos na mismo nang maigting sa lahat ng dako, nagsisikap na makasumpong. . . At hayan ang sanlibutan na binulag sila nang husto na makatagpo man nila ito ay haya't sasabihin, "Buweno, sangkumpol lang sila ng mga holy-roller." Katulad sa mga araw noon ni Noe, ay gayundin ngayon.

117 Ang pagparito ng Anak ng Diyos ay nalalapit na! Siyanga. At tanging sila na puspos ng Espiritu Santo, na may imortal na Buhay na nabubuhay sa kaibuturan nila, ang Espiritu Santo, 'yun 'yung tipo na aagawin mula rito, 'yun ay sigurado mismo.

118 May kung anong kakatwang bagay sa munting matandang daong na 'yun, noong panahon ni Noe, sa paglutang nito sa ibabaw ng tubig. Humuhugot 'yun ng kapangyarihan mula sa Itaas. May liwanag sa ibabaw nun, para ang Kaluwalhatian ng Diyos ay magliwanag mula sa Langit, patungo sa itaas na silid nun.

119 At sinasabi ko sa inyo, ngayon, mga kaibigan, dinggin n'yo ang sinasalita ko. May paghuhugot ng Kapangyarihan, na hindi mula sa iglesya, hindi mula sa pastor, kundi mula sa Kaluwalhatian, ang bautismo ng Espiritu Santo'y bumababa sa wastong lagusan, para hanguin paitaas ang isang Iglesya! Ano 'yun? Ang Kapangyarihan ng Diyos, ang daanan patungo sa Kanyang Buhay, *Zoe*.

120 "Ang mga bagay na ito na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo; higit pa rito ang inyong gagawin." Inusig Siya noon, pinagtawanan, nilibak, at namatay, at nagtungo sa libingan. Pero Siya'y totoo, taglay Niya ang Espiritu ng Diyos sa Kanya, at ibinangon Siya ng Diyos. Kung tayo'y dadanas nang ganoon din, ay sa gayundin tayo mahahango. Oh, hallelujah! Iniibig ko Siya!

121 Nakikinig pa po ba kayo sa akin? Iniibig n'yo ba Siya? Iniibig n'yo ba Siya nang buong puso n'yo? Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga talaga? Oh, ang ganda!

> Nakita ng mata, nadinig ng tainga, ang bagay na naitala sa Salita ng Diyos;
> Hindi ba't kahanga-hanga Siya, kahanga-hanga?

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

122 Makalangit na Ama, Oh Jesus, ako po'y nakatuon sa isang dakilang oras na 'yun. Nakikita ko po ito na paparating na. Nakikita ko na wala nang pag-asa sa kahit saang dako pa. Nakikita ko ang panahon na umuusad na. Nakikita ko ang malalaking pulang ilaw, ng komunismo, na umuugoy sa buong palibot ng mundo. Nakikita ko ang pormal na mga iglesya na ipinantatapat nila ang kanilang bandera laban sa Iyong Iglesya, sinusubukang pamalian sila, na sinasabi, "Mali ang Makalangit na kagalingan. Sangkumpol lang 'yan ng pagka-panatiko." Haya't may panukalang-batas na mismo sa aming White House na itikom Ito.

123 Oh, pero, Diyos, nung isang araw, sa pagkakaupo ko roon at nakikita ang mga banal na narito, na lahat sila'y nasisinagan ng Kapangyarihan ng Diyos, nakikita ko ang kanilang mga mukha at nakikita ko ang kaluwalhatian ng Diyos! Sila nga'y maihahalintulad sa mga binatilyong Hebreo sa nagbabagang hurno. "Hindi kami luluhod. Hindi. Ang Diyos nami'y may kakayahan na iligtas kami. Ikaw po'y pumarito nang madali, Panginoong Jesus."

124 At nakikita ko ang oras na bumabantad na, kung kailan, "May anyo ng kabanalan ang mga tao, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon; sa mga ito ay lumayo kayo," Iyo pong sinabi, ang Espiritu'y nangungusap sa huling mga araw. At narito na kami sa araw na ito, ngayon.

125 Narito ang munti naming iglesya na narito, Panginoon, mga kalalakihan at mga kababaihan na naniniwala po akong iniibig Ka. At dalangin ko, Diyos, na ang Espiritu na 'yun na nagpuno ng marami sa kanilang mga puso, sa nakalipas na mga araw, ay dudulog nang mas malalim pa't, mas ibayo. Nawa'y isantabi na nila ang bawat masamang hangad, bawat pagkaalit, lahat ng mga bagay na di humahambing sa Iyo, at kumilos Ka po mismo ngayong araw. Hindi patungo sa sabsaban, kundi patungo po sa Kalbaryo. Hindi po kung tutuusin sa lugar na Kalbaryo, kundi kay Cristo, ang pag-asang Kaluwalhatian, ang pagka-Diyos ng Diyos, ang kadakilaan ng Diyos, ang Kapangyarihan ng Diyos na ngayon ay nasa puso na namin, na sinisikap na kami po'y hanguin mula sa mga bagay ng sanlibutan, nang sa gayon ay makuha Niya kami sa mundong ito balang araw, tungo sa isang mas mainam na Lupain. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito ngayon. Iyo pong dinggin ang panalangin ng Iyong lingkod, at mangusap Ka po sa mga tao.

126 At kung mayroon pong naliligaw, sa dako rito, mayroong hindi pa taglay ang Espiritu Santo, nawa'y tumanggap po sila mula sa Iyo, sa umagang ito. Iyong ipagkaloob ito, minamahal na Diyos, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, si Jesus; Na labing-siyam na daang taon ay ipinanganak sa isang sabsaban, Na pagkatapos ng tatlumpu't tatlong taon ay nagbata ng paghihirap sa Kalbaryo, para sa aming mga kasalanan, Na pumaitaas sa Kaitaasan, ilang araw pagkatapos nun, apatnapung araw pagkatapos nun. Siya na tinanggap sa Kaluwalhatian, pagkatapos ay lumipas ang sampung araw na bumalik muli sa Kapangyarihan ng Espiritu Santo, at ngayon ay nabubuhay sa Iglesya. At pagdatal, sa pamamagitan ng siya ring Kapangyarihan na nagbangon sa Kanya, ang Espiritu Santo ay dumating sa Iglesya, para ilabas 'yun. Oh Diyos, pumarito Ka, kung Iyong mamarapatin, at iligtas ang Iglesya? Sapagkat amin po itong hinihiling sa Kanyang Pangalan.

127 Habang nakayuko ang inyong mga ulo, aawit po tayo ng, *Calling Today*. Kung mayroon po rito na walang Cristo, walang Diyos, walang pag-asa, kayo po ba'y makalalapit na ngayon?

> Calling today, calling today!
> Jesus is calling, He's tenderly calling today.
>
> Jesus is tenderly calling today,
> Calling today . . .

128 Kayo po ba'y walang Diyos, walang pag-asa, walang Cristo? Napagtatanto n'yo ba, mga Cristiano, na di n'yo pa kung ganoon kamit nang buong-buo ang pamumuhay sa Salita ng Diyos? Maaari na po ba kayong lumapit?

> . . . farther away?
>
> Call, He's calling today, calling today!

Jesus is calling today, He is tenderly calling today.

129 Pakinggan n'yo, ang Ama ay narito at Siya'y—Siya'y nagnanais na maligtas kayo, kung kayo'y di pa ligtas. Di ko kayo kakilala. Pero, pakinggan n'yo, mga kaibigan, may gusto po akong gawin na isang bagay sa umagang ito para sa inyo, habang nakatayo kayo rito. Gusto kong ipikit n'yo ang inyong mga mata. Gusto kong maghatak ng tabing dito at patatanawin kayo sa isang dako. Tayo po'y bibisita nang kaunti, sa umagang ito, ngayon habang ang kapatid na babae'y tumitipa ng kanta. Hahatakin ko lamang po ang tabing, para sa inyo na nakaupo rito sa Tabernakulo, bata man at matanda, haya't lahat po.

130 Tatanaw po ako rito sa mga lagusan ng Impyerno, pansumandali, sa umagang ito. Alam nila na mga naroon sa ibaba na Pasko sa dako rito sa itaas. Alam nila kung ano ang ginagawa nila noon sa panahon ng Kapaskuhan. Ang ilan sa kanila ay painom-inom ng alak noon, ang ilan sa kanila ay kung saan-saan gumagala, ang ilan ay nasa loob ng simbahan, ang ilan ay nanunuya, ang ilan ay nanlilibak. Ano po kaya kung ang kakila-kilabot, na buto-butong katawan na 'yun ay mabibigyan ng pagkakataon na makabalik sa pintuang ito ng simbahan ngayong umaga? Alam n'yo ba, sa susunod na Pasko marahil kayo na ang naroon. Marahil kayo na ang naroon sa susunod na taon, sa susunod na Pasko. Pero, alalahanin n'yo, ang pinag-uusapan mo rito ay mga kaluluwa ng tao; ang pinag-uusapan mo rito ay espirituwal na mga bagay, at bawat isa sa inyo ay magsusulit at magsusulit sa Araw ng Paghatol. Sa totoo lang po ako. Ang masasabi ko lang, ay kung hindi n'yo pa natatanggap si Cristo sa umagang ito, nakatayo Siya riyan sa bukas na pinto! Masama ba ang magiging pakikitungo n'yo sa Kanya?

131 At kayo na taglay ang Espiritu Santo, alalahanin n'yo, kayo ay hahatulan sa bagay na ginawa n'yo Rito. Marahil natanggap n'yo si Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, pero kayo'y hahatulan; bawat tao'y hahatulan ayon sa mga gawa na ginawa niya sa katawan na ito. Matapos na matanggap n'yo ang Espiritu Santo, ano ang ginawa n'yo Rito? Nakapagbitaw ba kayo ng salita tungkol sa inyong kapitbahay? Nakagawa ba kayo ng mga bagay na mali? Kung nakagawa kayo, alalahanin n'yo, kung ako sa inyo'y magpapasimula ako ng bagong buhay ngayon. Sasabihin ko, "Panginoong Jesus, sa araw na ito, mula ngayon, ako'y magiging kung ano ang nais Mo na maging ako. Napagtanto ko na ito'y imortal na bahagi ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay nabubuhay sa katawan kong ito. At kung ako po'y—kung ako po'y nagkamali, patawarin Mo po ako ngayon. Nais kong—nais kong sa tahanan ang balik ko. Nais kong—nais kong maging mas maigi pa."

132 Patunayan n'yo Siya riyan, sa umagang ito, nang gaya n'yan. Itaas n'yo lang po ang inyong kamay, sa akin, diyan sa likod.

Sabihin n'yo, "Nagnanais akong magpasimula nang panibago ngayong araw na ito, Kapatid na Branham." Heto po na nakataas ang aking kamay, din; magpapasimula ako nang panibago. Ninanais kong gumawa para sa Kanya nang mas higit pa sa nagawa ko noon! Kayo po ba'y . . .?. . .

133 Isa po sa pinaka nakalulungkot na kuwentong narinig ko, isang beses. Tungkol sa isang kabataang binibini, siya, isa siyang napaka gandang kabataang babae. Lumaki siya sa isang kalugud-lugod na tahanan; nababanggit sa kanya sa tuwina si Cristo. Sabi ng kanyang tatay—kanyang tatay, "Nalulungkot ako—nalulungkot ako para sa kanya, reverend." Dahil sa dikta ng sosyedad: talagang makakasalamuha niya ang ganoong uri ng mga tao dahil siya'y . . . Ngayon, alalahanin n'yo, pagdating sa sosyedad, idinidikit n'yo ang inyong sarili sa isang bagay na maituturing na "kabaliwan." Pero mangyaring naabot niya ang pinaka mainam na edukasyon. Nung kakawala na sana siya, nakasalamuha niya ang sosyedad, at nakisama sa iba't ibang magagarbong uri ng kalalakihan, hinagupit siya ng kung ano ng kamatayan: inatake siya sa puso. Lahat ng pagsasanay niya'y nauwi sa walang kabuluhan. Napunta siya sa kung saan.

134 Sa aling daan ba kayo tatahak sa umagang ito? Ano ba ang mga pinapangarap n'yo? Hindi ko alintana anumang uri ng grupo kayo, bawat isa sa inyo, haharap at haharap kayo dun sa Walang Hanggan isa sa mga araw na ito. At kung wala sa inyo si Cristo, kung wala ang Espiritu Santo, mapapahamak ang inyong kaluluwa. Alalahanin n'yo 'yan.

135 Hindi n'yo 'yun mararating anupa't sa pamamagitan lang nang pagtanggap kay Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kung Siya'y nasa sa inyo, Siya ang Kapangyarihan ng Diyos. Ipamuhay n'yo Ito. Siya'y Diyos na nariyan sa inyo. Ang sabi ng Biblia, "kayo'y mga diyos." Ganoon nga. "Hindi ba't lahat kayo'y mga diyos?" At sinabi ni Jesus sa . . .

Yung mga Farieso roon, ang sabi, "Ginagawa Mong Diyos ang sarili Mo."

Sabi, "Hindi ba't nasusulat sa inyong kautusan, na, 'kayo'y mga diyos'?"

Ibinunsod Niya si Moises na maging isang diyos kay Faraon.

136 At ibinubunsod Niya kayo na maging diyos sa mga tao. Ganoon nga. At kayo, sa umagang ito, ay nasusulat na sulat ng Diyos. Ang inyong—inyong pamumuhay ay sa Diyos, at kalakip mismo ang Espiritu Santo na 'yun.

137 Tumingin kayo rito, mga kaibigan, huwag n'yong hayaan na lumampas lang ito sa inyo. Huwag n'yong hayaan na ito'y dumaan na lalampas lang na parang kung anong munting gawa-gawang bagay! . . .?. . .

138 Ama, kami po'y dumudulog sa umagang ito, bilang Iyong mapagpakumbabang mga anak. Napagtatanto ko na—na kami'y nabubuhay sa huling mga oras, papatapos na ang oras, may bagay na maaaring mangyari na lang sa isang iglap. Maraming lalaki, mga kababaihan, mga kabataang lalaki, o kabataang babae, ang narito, na walang Diyos. At kaya idinadalangin ko sa Iyo, Ama, na Ikaw po'y mahahabag. Idinadalangin ko sa Iyo, na Ikaw po'y mahahabag sa kanila na mga nagsitanggap, at di namamalayan na Ikaw pala'y nariyan sa malapit, nasa kanila palang mga puso. At mapagtanto na itong mumunting mga bagay sa sanlibutan, sa pamamagitan ng mga layaw, ay sa kamatayan. Dalangin ko po, Diyos, na ang bawat isa na narito sa umagang ito ay tunay na mapabanal sa Iyo, sa mga araw pa na darating, at kahit na gaano pang katagal ang paghihintay namin bago ang Iyong Pagdating. Naniniwala po kami na ito'y nalalapit na ngayon.

139 Haya't darating ang araw, na ang mga tao'y magpupumilit na maligtas; pero wala na silang magagawa. Nakikinita ko ang mga kabataang 'yun sa gabing 'yun, naroon sa ibaba ng altar, nagpupumilit na maligtas, pero nakaalpas na sa takdang linya. Wala nang pagtutubos para sa kanila; sa kapahamakan na sila, di na maliligtas pa.

140 Ama, akin lamang—akin lamang idinadalangin na Iyong pagpalain sila, bawat isa, habang may natitira pang panahon para sa amin, Ama, na tanggapin na nila ito ngayon. Sapagkat hinihiling namin ito kay Jesus Cristo. Amen.

141 Tumayo po tayo. Ilan ba ang umiibig sa Kanya nang buong puso n'yo? Gusto n'yo po bang mas makalapit pa nang husto sa Kanya, ibigin pa Siya nang mas higit pa? Awitin natin ang *I Surrender All*, habang itinataas natin ang ating mga kamay sa Kanya, sa umagang ito,. . .?. . .Magagawa n'yo po ba? Sige't ibigay mo sa amin ang unang tipa, kapatid na babae.

> I surrender, (I surrender all!) (Lahat na mismo ng inyong gawi, lahat ng inyong pamamaraan.)
> . . .surrender, (I surrender al!)
> All to Thee, my blessed Saviour,
> I surrender all.

Tapat n'yo po bang sinasabi ito?

> I surrender, (I surrender all!)
> I surrender, (I surrender all!)
> All to Thee, my blessed Saviour,
> I surrender all.

142 Oh Ama, Ikaw po'y mahahabag. Iniibig Ka po namin, nang husto-husto, Panginoon. Isa sa mga araw na ito ang trumpeta ay hihipan na. Ako marahil ay nasa kaparangan n'yan sa kung saan. Panginoon, siguradong nasa isip ko ang iglesya

sa panahon na 'yan. Kapag umungol na ang mga hangin, at ang lupa'y nagsimulang yumugyog. May ilan na magsasabi, "Anong nangyayari?" Ang himpapawid ay pumupula, ang oras ng paghatol ay paparating na. Maiisip ko, "Oh, nasaan kaya si Kapatid na Graham? Nasaan kaya. . . Oh, nasa tahanan sila." Pero, Ama, sa oras na 'yan, pansumandali, maririnig namin ang tunog na di pa namin naririnig kahit kailan, ang Trumpeta; hinihipan na ng Anghel ang Trumpeta. Oh Diyos, sila na mga napadako sa himlayan ng kamatayan, ay babangon. Grabe na papalahaw ang mga sigawan, "Anong nangyayari na sa mundo? Di kami makatayo nang maayos. At ang lupa'y yumuyugyog." At pagkatapos ay aagawin kami na sama-sama para katagpuin Siya sa alapaap.

143 Oh Ama, kung datnan kami ng kamatayan bago ang oras na 'yan, ang ibig ko pong sabihin ay natural na kamatayan dito sa lupa na lilisan dito, nawa'y magtungo kami sa mga himlayan, na may matapang na pananampalataya, nakabalot sa balabal ni Cristo, ang Espiritu Santo. Balang araw paroroon kami, Ama. At napagtatanto ko na lalakad ako sa pila na 'yun, din. Nariyan nga 'yun sa harapan ko sa kung saan, ang oras na 'yun na dadako na ako sa himlayan ng kamatayan na 'yun. Kapag narinig ko na ang sintensya sa akin na babasahin, ayaw ko pong maging gaya sa isang duwag. Nais kong dumako gaya ng Iyong pagdako noon, Panginoon. Hindi pilit idinadamit ang sarili kong balabal; kundi nababalot sa balabal ni Cristo, ang Espiritu Santo, na nakabalot sa akin, gaya ni Pablo noon, at nagsabi, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Libingan, nasaan ang iyong katagumpayan?" Tapos papasok ako sa madilim na himlayan kasama sila na mga namatay noon; pinakikinggan kung hayan na ba ang Kanyang tinig, ng Arkanghel na iihip, at kami'y tatawagin mula sa mga patay, para makatagpo ang aming mga mahal sa buhay muli.

144 Oh Panginoon, kung mapapalampas namin 'yan sa buhay, walang kabuluhan kung ganoon ang buhay sa amin; nabigo kami kung ganoon. Pero kung masumpungan namin Siya Na mahalaga sa aming puso, kung ganoon ay nasumpungan namin ang buong layunin ng Diyos.

145 Oh, ganoon na lamang ang pag-ibig namin sa Kanya, sa umagang ito! Nawa'y ang bawat Cristiano, sa umagang ito, ay makita agad ang pangitain, Panginoon. Ang oras po'y atrasado na, at idinadalangin ko na Iyong ibubunsod na makita nila ang pangitain at panghawakan ang Buhay, ngayon, at mabuhay magpakailanman, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

146 Mahal n'yo ba ang isa't isa? Bumaling lang kayo at makipagkamay sa bawat isa, sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos. Sumaiyo si Cristo." Sa halip na "Maligayang Pasko," sabihin n'yo, "Sumaiyo si Cristo," habang bumabaling kayo.

Ngayon huwag na kayong umalis ng puwesto, bumaling lang—bumaling lang, sabihin, "Sumaiyo si Cristo." (Sumaiyo si Cristo.)

All . . .

Ngayon pansumandali lang po.

All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

147 Aba't, akala ko'y lampas na ng alas dose. Lampas lang po pala ng alas onse, at akala ko'y lumampas nang dalawampung minuto lampas ng alas dose. Sadyang . . . [Isang kapatid na babae ang nagsasabi, "Manatili tayo kahit isang oras pa."—Ed.] Ano po 'yun? Amen.

148 Ang lahat ba'y umiibig sa Panginoon? Sabihin, "Purihin ang Panginoon." [Sinasabi ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon."—Pat.] Tayo marahil ay magkaroon lang ng—ng kaunting, siguro'y maiksi lang na, di lalampas—di lalampas ng tatlo o apat na salitang patotoo, parang, "Iniibig ko si Jesus." Ganoon lang, oo, hindi lalabis dun ang haba. [May isa na nagsasabi, "Iniibig ko si Jesus."] Tama. Mayroon pa po ba. ["Iniibig ko si Jesus."] Iniibig ko Siya! Iniibig ko Siya! Oh, . . .

Jesus, Saviour, pilot me
Over life's tempestuous sea;
Unknown waves before me roll . . .?. . .

49-1225 Ang Pagka-Diyos Ni Jesus Cristo
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org